GABAY NG NEGOSYO

tungo sa **ZERO** WASTE

- Mga Opisina
- Retail
- Mga Restawran
- Mga Grocery Store
- Hotel at Lodging
- Manufacturing

business.wm.com/oceanside

ISANG Planeta. **GUMAWA** ng Aksiyon.

GREEN OCEANSIDE.org

Tumutulong sa Mga Negosyo na *Magtagumpay*

Nakipagtulungan ang Lungsod at WM para magbigay ng mga natatanging programa para sa mga nare-recycle, tirang pagkain, at solid waste para matulungan ang mga negosyo na matugunan ang lahat ng pangangailangan sa pagsunod. Inaatasan ng California Senate Bill 1383 (SB 1383) at ng Lungsod ng Oceanside ang lahat ng negosyo at property para sa maraming pamilya na mag-subscribe sa serbisyo ng koleksiyon at wastong paghiwa-hiwalayin ang mga nare-recycle, tirang pagkain, papel na kontaminado ng pagkain, at mga materyales para sa landfill.

Samahan Kami sa Aming Layunin tungo sa ZERO WASTE

Madali lang gawin ang mga hakbang sa iyong pang-araw-araw na operasyon para mabawasan at mawala ang basura. Ang gabay na ito ay isang kapaki-pakinabang na mapagkukunan na makakatulong sa iyo na magtakda ng mga tunguhin sa pag-iwas sa at paglihis ng basura para sa iyong negosyo at makasunod sa SB 1383.

Para kanino ang Gabay na ito?

Lahat ng negosyo ay puwedeng makinabang mula sa gabay na ito.

- Mga Hotel at Lodging
- Mga Restawran
- Retail
- Catering
- Mga Gusali ng Opisina at Manufacturing
- Grocery

GABAY NG NEGOSYO TUNGO SA ZERO WASTE

Oceanside Waste Stream Composition – Komersyal

- Pagkain/Papel na Kontaminado ng Pagkain **28.2%**
- Papel/Cardboard **25.8%**
- Plastik **9.3%**
- Mga Inert (debris mula sa konstruksiyon) **8.0%**
- Metal **7.9%**
- Green Waste **7.9%**
- Iba pang Organic **7.5%**
- Bubog **2.4%**
- Espesyal na Basura **1.3%**
- Electronics/HHW **0.9%**
- Residue/Landfill **0.8%**

Pag-unawa sa *Mga Regulasyon* ng Pag-recycle

Ano ang SB 1383?

Ang SB 1383 ay isang pambuong estadong pagsisikap na humihiling ng 75% pagbawas sa organikong basura na itinatapon sa mga landfill pagdating ng 2025. Inaatasan ng regulasyong ito ang lahat ng pinagmumulan ng basura, anuman ang uri ng operasyon ng negosyo, na paghiwa-hiwalayin ang mga materyales na para sa landfill, organiko, at nare-recycle at mag-subscribe sa mga serbisyo ng koleksiyon.

Paggawa ng Positibong Epekto

Maraming benepisyo ang makukuha mula sa programa para sa organikong basura, kabilang ang pagbawas ng mga greenhouse gas, paglikha ng renewable energy source, mulch at compost, pati na rin ang pagpreserba ng espasyo sa landfill. Inaatasan ng SB 1383 ang mga negosyo na ihiwalay ang kanilang mga tirang pagkain, papel na kontaminado ng pagkain at green waste (mga organic) mula sa lalagyan na pang-landfill.

Para makasunod sa mga batas ng lokal at estado, kailangan ng mga negosyo na:

1. **Magsaayos ng mga serbisyo ng koleksiyon para sa** mga tirang pagkain at papel na kontaminado ng pagkain, mga green waste, mga nare-recycle, at mga materyales na para sa landfill.
2. **Magbigay ng mga serbisyo ng koleksiyon** para sa mga empleyado, kontratista, customer at mga nangungupahan, at magbigay ng impormasyon tungkol sa edukasyon sa loob ng 14 na araw mula sa pag-okupa ng nasabing lugar.
3. **Taon-taong turuan** ang mga empleyado, kontratista, customer at mga nangungupahan kung paano maayos na paghihiwalayin ang mga materyales na basura sa tamang mga lalagyan.
4. **Pana-panahong inspeksiyonin** ang mga lalagyan para sa tirang pagkain at mga nare-recycle para sa kontaminasyon **at ipaalam** sa mga empleyado kung kontaminado ang mga lalagyan.

5. **Tiyaking sumusunod ang mga lalagyang panloob** sa tamang kulay at mga kinakailangang label.
6. **Magbigay ng mga lalagyan para sa tirang pagkain at nare-recycle** sa lahat ng lugar kung saan may mga lalagyan para sa landfill para sa mga customer at empleyado, maliban sa mga palikuran.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kinakailangang itinakda ng estado at ng ahensiya ng regulasyon nito, ang CalRecycle, bisitahin ang **calrecycle.ca.gov/organics** o mag-email sa **SLCP.organics@calrecycle.ca.gov**.

Mga Opsiyon sa Serbisyo ng Basura at Pag-recycle

Bundle Cart na Serbisyo

Ang pinakamababang antas ng serbisyo na ibinibigay ng WM ay isang serbisyo ng bundled cart. Pinakamaganda ang serbisyong ito para sa maliliit na negosyo na naglalabas ng kaunting dami ng tirang pagkain at papel na kontaminado ng pagkain, mga nare-recycle, at mga materyales para sa landfill.

Kasama sa Komersiyal na Cart Bundle na Serbisyo ang Isa sa Bawat Isa:

- 64-gallon na de-gulong na cart para sa mga tirang pagkain
- 96-gallon na de-gulong na cart para sa mga nare-recycle
- 96-gallon na de-gulong na cart para sa mga landfill

64-gallon
Cart para sa Pag-recycle ng Mga Tirang Pagkain

96-gallon
Mga Recyclable Cart

96-gallon
Cart para sa Landfill

Serbisyo ng Basurahan

Available ang mga basurahan na may sukat na 2-, 3-, 4-, at 6-cubic yard para sa parehong pangangailangan sa pag-recycle at landfill, at available ang mga basurahan na may sukat na 2-cubic yard para sa pag-recycle ng mga tirang pagkain.

2-, 3-, 4-, at 6-cubic yard na
Basurahan para sa Mga Nare-recycle

2-, 3-, 4-, at 6-cubic yard na
Basurahan para sa Landfill

2-cubic yard na
Basurahan para sa Pag-recycle ng Mga Tirang Pagkain

Sa mga property na may limitadong espasyo, available ang opsiyon na pinaghating basurahan (mga nare-recycle at landfill).

3-cubic yard na
Pinaghating Basurahan para sa Mga Nare-recycle at Landfill

** Tandaan, dapat magkaroon ang mga negosyo na naglalabas ng basura mula sa bakuran o landscaping ng serbisyo sa green waste. Tingnan ang pahina 7 ng gabay para sa higit pang impormasyon.*

Angkop na Serbisyo
para sa Tagumpay

Sa Oceanside, ang mga serbisyo para sa nare-recycle at tirang pagkain at papel na kontaminado ng pagkain ay **MAS MURA** kumpara sa mga serbisyo ng landfill, kaya magdudulot ito ng karagdagang matitipid kapag nabawasan ang mga serbisyo ng landfill. Dahil dito, makakatipid sa pera kung iaangkop ang tamang serbisyo.

Ang **PAG-ANGKOP NG SERBISYO** ay ang pagtutugma ng mga serbisyo sa pagkolekta ng basura para **tugunan ang uri at dami ng basura** na nililikha ng negosyo.

Mga Patnubay sa Labis na Basura at Kontaminasyon sa Lalagyan

Pag-iwas sa Labis na Basura

Dapat paghiwa-hiwalayin ang lahat ng basura at mga nare-recycle sa tamang mga lalagyan at lahat ng materyal ay dapat magkasya sa mga lalagyan at natatakpan. Maaaring mag-iskedyul ng mga karagdagang koleksiyon na may bayad kung kailangan ng karagdagang serbisyo paminsan-minsan. Kung patuloy na umaapaw ang iyong lalagyan, mangyaring makipag-ugnayan sa WM para talakayin ang tamang serbisyo na angkop sa iyong mga pangangailangan.

Pamamahala sa Kontaminasyon

Kapag hinaluan ang basura at iba pang hindi katanggap-tanggap na materyales (kontaminasyon) ng mga nare-recycle o mga tirang pagkain, maaari nitong makontamina ang buong karga ng trak at magresulta para ang buong karga ay maitapon sa landfill. Kung natukoy na may kontaminasyon ang mga lalagyan para sa mga nare-recycle o tirang pagkain sa oras ng koleksiyon, bibigyan ang mga negosyo ng abiso tungkol sa kontaminasyon. Posibleng may mga singil na ipapataw kung tatlo o higit pang beses naabisuhan ang negosyo tungkol sa kontaminasyon.

California Assembly Bill 827

Mga Kinakailangan sa Basurahan na Accessible sa Mga Customer

Simula Hulyo 1, 2020, ang mga negosyo na gumagawa ng pagkain, maliban sa mga full-service na restawran, ay kinakailangang maglaan ng mga lalagyan para sa mga organic at nare-recycle na accessible sa mga customer para makolekta ang mga recyclable, tirang pagkain, at mga papel na kontaminado ng pagkain na galing sa mga customer mula sa mga produktong binibili at kinokonsumo nila sa lugar. Ang mga lalagyan ay kailangang ilagay katabi ng mga basurahan, madaling ma-access, at may mga label. Para sa karagdagang impormasyon at mga libreng template ng karatula, bisitahin ang **Calrecycle.ca.gov** at hanapin ang Education/ Outreach Toolkit.

SAAN Ilalaga

Paano wastong pagbubukod-buku

MGA RECYCLABLES

可回收物 • 可回收物 • Reciclables • Recyclables

Panatilihing malinis at tuyo ang mga materyales.
Yupiin ang mga kahon.
WALANG plastik na straw, maninipis na plastik o mga polystyrene foam na lalagyan ng pagkain sa mga ire-recycle.

TIRANG F

食物殘渣 • 食物残渣 • Resto



Pinapayagan ang mga malinaw at transluc
plastic bag, pero hindi ito ang mas pinipili. M
waste sa pamamagitan ng WM. Kung
namamahala ng green waste, makipag-ugnay

ay ang ANO?

rin at maiwasan ang kontaminasyon

Ang tamang pagso-sort para maiwasan ang kontaminasyon ay susi sa TAGUMPAY!

PAG KAIN

os de Comida • Food Scraps

ent na plastic bag/liner at compostable na
Maaaring humiling ng serbisyo para sa green
wala kang kontratista ng landscape na
yan sa WM para iiskedyul ang iyong serbisyo.

BASURA

垃圾填埋 • 垃圾填埋 • Vertedero • Landfill











Walang mga mapanganib na basura o mga materyales sa pagtatayo at demolisyon.

Karagdagang *Mga Serbisyo sa* Paglilihis ng Basura

Debris mula sa Konstruksiyon at Demolisyon

Ang mga debris ng konstruksiyon at demolisyon na nagmumula sa bagong pagtatayo o pagsasaayos ng property ay hindi pinapayagan sa regular na lingguhang serbisyo ng basurahan at pagre-recycle. Available ang mga serbisyo para sa solid waste at pagre-recycle par sa mga materyales ng debris ng konstruksiyon at demolisyon tulad ng kongkreto, kahoy, at drywall.

Mga Roll-Out/Scout Service

Available ang mga roll-out at scout service para sa mga property na may mahabang driveway at/o mga parking lot na may limitadong access.

Koleksiyon ng Malalaking Bagay

Isaalang-alang ang pagdo-donate ng malalaking bagay tulad ng mga muwebles, kagamitan, at iba pang katulad na item sa isang non-profit na ahensiya bago ito itapon. Kung hindi na magagamit o maibibigay ang mga item, makipag-ugnayan sa WM para kolektahin ang malalaking item.*

Electronic na Basura

Ang electronic na basura ay mga bagay tulad ng computer, fax machine, printer, telebisyon, monitor, cell phone, at iba pang katulad na bagay. Ang mga ito ay hindi maaaring ilagay sa landfill o recycling bin. Para sa tamang pagtatapon ng electronic na basura, mag-iskedyul ng hiwalay na koleksiyon sa WM.*

Green Waste

Ang mga negosyo na naglalabas ng green waste, tulad ng basura mula sa landscaping at bakuran, ay kinakailangang paghiwalayin at i-recycle ang mga materyales na ito. Kung ang mga negosyo ang mismong naghahakot o may kontrata sa isang kompanya ng landscaping para kolektahin ang green waste, kinakailangan ng isang form na naka-file sa Lungsod ng Oceanside. Makipag-ugnayan sa Lungsod sa (760) 435-4500.

Mga Mapanganib na Basura

Maraming negosyo ang gumagawa ng ilang uri ng mapanganib na basura tulad ng mga kemikal na panlinis, mga lumang electronics, pintura, baterya o fluorescent na ilaw. Hindi puwedeng ilagay ang mga item na ito sa basurahan o recycling bin. Para sa tamang pagtatapon ng mga item na ito, makipag-ugnayan sa WM Industrial Solutions sa (562) 427-7277.*

** May bayad ang mga serbisyong ito para sa mga negosyo.*

I-lock Ako, Linisin Ako, Iangkop ang Serbisyo Ko

I-secure ang Iyong Basurahan para sa Mga Nare-recycle at Tirang Pagkain
Humiling ng mga serbisyo sa pagkandado para maiwasan ang pagnanakaw at mataas na bayad dahil sa kontaminasyon at mga pag-apaw. Ang mga lock ay para sa mga pangkomersiyal na basurahan lamang.

Panatilihing Malinis at Walang Graffiti ang Iyong Basurahan Kasama sa iyong mga pangkomersiyal na serbisyo ang taunang paglilinis ng basurahan at pagtanggal ng graffiti kung kinakailangan.

Mag-Audit at Makatipid Ang pag-audit ng basura ay isang pagsusuri ng iyong mga daloy ng basura. Gamit ang impormasyong nakolekta mula sa audit, makakatulong ang aming technical assistance team na iangkop ang iyong mga serbisyo, matukoy ang kontaminasyon, at makapagtatag ng mga oportunidad sa pagtitipid.

LIBRENG Programa para sa mga Negosyo

Mga Materyal na Edukasyonal Tulad ng mga Poster, Video, at Handout

Available ang mga materyal at resource na edukasyonal para turuan ang iyong mga empleyado, customer, at janitorial staff kung paano wastong paghihiwalayin ang mga materyales at maiwasan ang kontaminasyon.

Pagsasanay

Nakasalalay ang isang epektibong plano sa pagbabawas ng basura sa pakikilahok at suporta ng mga empleyado, manager, at customer. Available ang virtual o personal na pagsasanay at mga presentasyon para magbigay ng tuloy-tuloy na teknikal na tulong at suporta.

Serbisyo para sa mga Limitadong Lugar

Kung ikaw ay may limitadong espasyo para sa mga nare-recycle, tirang pagkain, at serbisyo para sa landfill, makakatulong ang aming technical assistance team na maghanap ng mga paraan para matugunan ang lahat ng iyong pangangailangan sa serbisyo.

Para Humiling ng Ganitong Mga Libreng Serbisyo

Makipag-ugnayan sa Technical Assistance Team ng WM:
Email: oceansidezerowaste@wm.com
Telepono: (760) 435-5457
Website: business.wm.com/oceanside

Bawasan, Gamitin Ulit, I-recycle, Muling Isipin

Ang mga gawi sa pagkonsumo at pagbili ng iyong negosyo ay may epekto sa basura na nalilikha sa iyong pasilidad. Sa pamamagitan ng maingat na diskarte sa pagbili at operasyon, maaari mong mabawasan ang hindi kinakailangang produksyon ng basura at suportahan ang mga napapanatiling gawi sa negosyo.

Mga Tip para sa:

Mga Gusali ng Opisina at Manufacturing | **Retail** | **Mga Hotel at Lodging** | **Grocery** | **Mga Restawran at Catering**

Mga Gusali ng Opisina at Manufacturing

- Magtipid ng papel sa pamamagitan ng pag-set sa default ng printer sa double-sided printing at paglalagay ng lalagyan ng mga nare-recycle sa tabi ng printer para maengganyo na mag-recycle.
- Gumamit ng reusable na kagamitan, maglagay ng mga supply para sa paghuhugas ng pinggan at isang mahusay na dishwasher.
- Magbigay sa mga empleyado ng basurahan para sa nare-recycle bukod sa basurahan na nasa kanilang desk o maglagay ng mini landfill bin “sidekick” kapalit nito.

Retail

- Makipagtulungan sa mga supplier sa pagpapanatili na gumagamit ng kaunti o nare-recycle na packaging.
- Ibenta sa murang halaga o i-donate ang mga sirang produkto.
- Hikayatin ang mga customer na magdala at gumamit ng mga reusable na bag.

Mga Hotel at Lodging

- Maghanap ng mga paraan para mabawasan ang itinatapong pagkain at mahigpit na pamahalaan ang paggamit ng lalagyan ng mga tirang pagkain sa mga kusina.
- Gumamit ng mga refillable na lalagyan at dispenser para mabawasan ang basura. Itigil ang pagbibigay ng mga bagay na pang-isahang gamit, mga bote ng toiletry at mga bar ng sabon.
- Mag-alok lamang ng mga reusable na kagamitan, utensil at tasa. Itigil ang paggamit ng mga bagay na pang-isahang gamit tulad ng straw at plastik na baso.
- Maglagay ng mga recycling bin sa lahat ng silid, lobby, conference room at mga guest area. Mahalaga ang mga karatula! Lagyan ng karatula ang lahat ng basurahan at magbigay ng mga impormasyonal na flyer sa mga guest room.

Ang **ITINATAPONG PAGKAIN** ay bumubuo sa **MAHIGIT 50%** ng basura sa industriya ng hospitality!

Grocery

- Huwag itapon ang mga hindi magandang prutas at gulay! Maglaan ng isang lalagyan kung saan magiging available ang mga item na ito sa mas mababang presyo.
- I-donate ang mga hindi nabentang pagkain sa mga lokal na ahensiya na tumutulong sa gutom. Protektado ang mga negosyo mula sa pananagutan ayon sa California Good Samaritan Food Donation Act.
- Bawasan ang packaging at basura sa pamamagitan ng pagbili at pagbebenta nang bultuhan ng mga hindi nabubulok na item.

Mga Restawran at Catering

- Magsagawa ng Pag-audit sa Itinatapong Pagkain.
- Suriin muli ang iyong mga pagsisikap sa pamamahala ng imbentaryo para matiyak na sinusunod ang mga pamamaraan tulad ng pag-label at first-in, first-out na rotation method.
- I-donate ang labis na pagkain na puwedeng kainin sa isang lokal na food bank o organisasyon na tumutulong sa gutom.

Ang **ITINATAPONG PAGKAIN** ay may malaking epekto sa net na kita ng mga restawran dahil hindi nagagamit ang hanggang **10%** ng kanilang imbentaryo ng pagkain.

Pagbawi ng Pagkain at Pagdo-donate

Pagdo-donate ng Labis na Pagkain

Para mabawasan ang itinatapong pagkain at makatulong sa pagsugpo ng kakulangan sa pagkain, inaatasan ng SB 1383 na sa 2025 ay mababawi ang 20 porsyento ng pagkain na puwedeng kainin na kung hindi ay mapapatapon sa mga landfill para ipakain sa mga nangangailangan. Kung ikaw ay isang negosyo sa pagkain – tulad ng isang restawran, hotel o grocery store sa Lungsod ng Oceanside, **kailangan** mong bawiin ang labis na pagkain na puwedeng kainin, magtatag ng nakasulat na kasunduan sa isang food recovery organization, panatilihin ang mga record ng mga aktibidad sa donasyon at taunang iulat ang mga aktibidad. Available ang impormasyon para tulungan kang sumunod sa batas ng estado, bawasan ang labis na imbentaryo, makatipid ng pera (mga insentibo sa buwis, nabawasang bayarin sa paghakot ng basura) at makatulong sa lokal na komunidad na nangangailangan. Bisitahin ang **greenoceanside.org** para sa karagdagang impormasyon sa mga kinakailangan sa Pagbawi ng Pagkain.

Sa pamamagitan ng Pagdo-donate ng Pagkain na Puwedeng Kainin, ang Iyong Negosyo ay Maaaring:

Mabawasan ang iyong buwanang bayarin para sa landfill, pagre-recycle at mga tirang pagkain

Magkaroon ng mga pagkakataon para mabawasan ang pederal na buwis*

Makasunod sa mga batas ng estado

** Para sa mga korporasyon at maliliit na negosyo alinsunod sa Internal Revenue Code 170(e)(3) ng Protecting Americans from Tax Hikes (PATH) Act.*

WM of North County
2141 Oceanside Blvd
Oceanside, CA 92054

English
繁體中文 简体中文
sa Tagalog

Contact Information

WM ng North County
2141 Oceanside Blvd, Oceanside, CA 92054
Telepono: (760) 435-5457
Email: cssandiego@wm.com
Website: business.wm.com/oceanside

Programa para sa Pagre-recycle ng Mga Tirang Pagkain
Telepono: (760) 435-5457
Email: Oceansidezerowaste@wm.com

Green Oceanside Team
Email: greenoceanside@oceansideca.org
Telepono: (760) 435-4500
Webpage: www.GreenOceanside.org

My Oceanside City Application
Email: customercare@oceansideca.org.
Application: I-download ang "My Oceanside" na mobile app.

Lungsod ng Oceanside
300 N. Coast Hwy, Oceanside, CA 92054
Telepono: (760) 435-4500
Website: www.oceansideca.org

business.wm.com/oceanside

ISANG Planeta. **GUMAWA** ng Aksiyon.

GREEN OCEANSIDE.org